

Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Paaralan ng K-12: Apendiks T1

Tandaan: Ang dokumentong ay madalas na binabago. Mangyaring tingnan ang petsa na nasa webpage para sa pinakabagong bersyon.

Kamakailang mga Pagbabago – (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

3/11/22

- Simula noong Marso 12, 2022, mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas ang mga maskara sa mga panloob na lugar
- Inaatasan ang mga paaralan na mag-alok kung hihilingin, para sa boluntaryong paggamit, ng mga lapat na kasyang medikal na maskara at mga respireytor sa mga empleyado ng paaralan na nagtatrabaho sa mga panloob na lugar at nakikisalamuha sa iba.
- Mga pagbabago sa seksyon ng sining na pagtatanghal upang isama ang pagpapatigil sa panloob na pagmamaskara, distansyang pisikal at mga patakaran sa pagsusuri at ang muling pag-uuri ng mga hakbang na ito bilang matitibay na rekomensasyon.
- Pagtanggap ng mga pinagsasanggunian sa mga protokol sa biglaang pagtaas ngayong ang County ay nasa katayuan na ng pagtatapos ng biglaang pagtaas (post-surge status)

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay gumagamit ng iba't ibang antas ng pamamaraan, suportado ng siyensya at kadalubhasaan sa pampublikong kalusugan, para makaya ng mga paaralan na nagsisilbi sa mga mag-aaral mula sa transisyonal na kindergarten hanggang gradong 12 na muling magbukas nang ligtas. Bilang karagdagan sa mga kondisyong ipinataw sa mga paaralan ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan at ng Kagawaran ng Edukasyon ng California, ang mga paaralan ay dapat ring sumunod sa mga kaligtasan ng empleyado at mag-aaral at pagkontrol sa impeksyong mga protokol.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito kapag may mga bagong impormasyon at mapagkukunan na magagamit. Pumunta sa ph.lacounty.gov/Coronavirus para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang dokumentong ito ay nagsisimula sa pagtalakay sa mga kasalukuyang probisyon para sa edukasyon sa kampus sa Los Angeles County (LAC), sinusundan ng impormasyon tungkol sa mga estratehiya sa kaligtasan partikular sa kapaligirang pampaaralan.

Ang listahan sa muling pagbubukas ng TK-12 ay nagkakaloob ng mga hakbang sa kaligtasan sa limang aspeto:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado at mag-aaral
- (2) Mga hakbang para lumikha ng pagdistansya saanman magagawa
- (3) Mga hakbang para mapalawig ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado, mag-aaral at pamilya ng mga mag-aaral at sa publiko
- (5) Mga hakbang para matiyak ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang pangunahing aspetong ito ay naglalaman ng maraming estratehiya na maaaring piliing ipatupad ng inyong paaralan habang binubuo ng inyong pasilidad ang plano na magbigay ng ligtas na kapaligiran para sa lahat ng mga empleyado, mag-aaral, at bisita. Bagaman ang ilang pagpigil at pamprotektang hakbang ay kasalukuyang inaatas sa lahat ng mga paaralan at malinaw na isinasaad tulad sa sumusunod na protokol, karamihan ng mga hakbang ay opsyonal at boluntaryo. Gayunpaman, naaangkop pa rin na magpatupad ang mga paaralan ng maramihang klase ng mga estratehiya sa pagpapababa (mitigation) ng COVID-19 habang ganap na nagbubukas muli upang limitahan ang mga kaso at transmisyong sa kampus ng paaralan. Ang mga karagdagang hakbang na inilarawan sa [Appendix T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad sa mga Paaralang K-12](#) ay dapat na ipatupad at naaangkop sa lahat ng mga tauhan sa mismong lugar. Ang marami pang mga mapagkukunan para sa mga Paaralang TK-12 ay matatagpuan sa [Toolkit ng COVID-19 sa Paaralang TK-12](#).

Pangkalahatang Gabay sa Muling Pagbubukas para sa Lahat ng mga Paaralan

Sa oras na ito, ang lahat ng mga paaralan ay pinahihintulutan na muling magbukas para sa lahat ng mga mag-aaral sa anumang grado ng TK – 12.

Paalala para sa mga programa ng pangangalagang pambata na matatagpuan sa mga paaralan. Ang Mga Lokal na Ahensya ng Edukasyon (Local Education Agencies o LEAs) at mga paaralan na nag-aalok ng mga serbisyo sa pangangalagang pang-araw para sa mga bata na nasa mga kampus ng paaralan ay dapat na sumangguni sa [Gabay para sa mga Tagapagbigay ng ECE](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.

ANG PAGPAPABAKUNA SA COVID-19 AY ANG UNANG LINYA NG DEPENSA

Ang makamit ang mataas na bilang ng pagpapabakuna sa inyong kampus ng paaralan ay ang una at pinakamahasag na paraan para mapababa ang panganib ng impeksyon at transmisyon sa iyong paaralan, labis na pinabababa ang panganib ng malubhang pagkakasakit, pagpapahospital at pagkamatay sa mga taong ganap ng nabakunahan, at nagbibigay ng karagdang antas ng proteksyon para sa mga hindi pa maaaring ganap na mabakunahan, may mahihinang imyunidad, o mayroong pinagbabatayang mga kondisyon sa kalusugan. Dahil sa kadahilanang ito, dagdag pa sa lahat ng mga patakaran at rekomendasyon na nakasulat sa protokol na ito, hinihikayat ang mga paaralan na gumamit ng mga estratehiya na ginagawang normal, nagtataguyod at nagpapabilis ng pagpapabakuna sa COVID-19 at pampalakas na mga dosis ng lahat ng mga kwalipikadong kawani at mag-aaral sa iyong kampus. Mangyaring tingnan ang [LACDPH Toolkit ng Klinikang Bakuna para sa mga Paaralan](#), ang bawat hakbang na gabay na may pinakamahasag na kasanayan para makapagdaos ng klinikang bakuna na nakabase sa paaralan. At dapat din malaman na ang [Utos ng Opisyal ng Kalusugan](#) na inilabas ng Estado ng California noong Agosto 11, 2021 ay nag-aatas sa lahat ng kawani ng paaralan na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna o magpasuri ng hindi bababa sa isang beses kada linggo. Inanunsyo rin ng Estado na ang mga mag-aaral ay aataasang magpapabakuna para sa harapang personal na pag-aaral na sisimulan sa termino kasunod ng ganap na pag-apruba ng FDA sa bakuna para sa kanilang saklaw na grado (7-12 at K-6)

Listahan sa Pagpigil sa COVID-19 ng TK hanggang Grado 12

Pangalan ng Institusyon: _____

Lugar (Address): _____

TANDAAN: Ang mga salitang “mga empleyado” at “kawani” ay ginamit sa mga protokol na ito para tumukoy sa mga indibidwal na nagtatrabaho sa pasilidad ng paaralan sa anumang kapasidad na nauugnay sa pagtuturo, pagsasanay, suporta sa mag-aaral, pagkakaloob ng mga pangagamot (therapies) o personal na pagtulong sa mga indibidwal na mag-aaral, paglilinis o pagpapanatili ng pasilidad, administrasyon, o anumang iba pang aktibidad na kinakailangan upang gumana ang paaralan. “Ang mga empleyado” o “kawani” ay maaaring kabilangan ng mga indibidwal na: direktang binabayaran ng kaugnay na sistema ng paaralan, binabayaran ng mga entidad na kumikilos bilang mga kontraktor sa paaralan, binabayaran ng mga labas na entidad na kumikilos sa pakikipagtulungan sa paaralan para pagsilbihan ang mga mag-aaral, binabayaran ng mga ikatlong partido para magbigay ng mga serbisyo sa mga indibidwal na mag-aaral, o mga hindi-bayad na boluntaryo na kumikilos sa ilalim ng patnubay ng paaralan para magsagawa ng mga kinakailangang tungkulin. Ang salitang “mga magulang” ay ginamit sa mga protokol na ito para tukuyin ang sinumang mga tao na nagsisilbi bilang mga tagapag-alaga (caregivers) o katiwala (guardians) ng mga mag-aaral.

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA PROTEKTAHAN ANG MGA KAWANI (“MGA EMPLEYADO”) AT MAG-AARAL (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT)

Ang paaralan ay dapat na magkaroon ng Plano sa Pagpigil, Pagtugon at Pagkontrol ng COVID-19 na naglalarawan ng komprehensibong pamamaraan ng paaralan para maiwasan at mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa kampus. Ang plano ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na elemento:

- Ang itinalagang Koponan ng Pagsunod sa COVID-19 (Compliance Team) na responsable sa pagtataguyod at pagpapatupad ng lahat ng mga pangkaligtasang protokol sa COVID-19 at sinisigurado na ang mga kawani at mag-aaral ay tatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Ang isang miyembro ng koponang ito ay itinalaga bilang tagapag-ugnay (liaison) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sakaling may pagsiklab sa kampus.
- Ang plano o protokol, para sa mga hakbang na agad na gagawin sa oras na maabisuhan ang mga opisyal ng paaralan na ang sinumang miyembro ng komunidad ng paaralan (mga guro, kawani, mag-aaral o bisita) ay positibo ang pagsusuri para sa COVID-19.
- Tatalakayin ng plano:
 - Ang agad na paghihiwalay ng may kaso mula sa komunidad ng paaralan para ibukod ang sarili sa bahay kung ang pag-aabiso ay nagaganap habang ang kaso ay nasa mismong lugar (on-site). Ang plano ay dapat na magpahintulot ng pansamantala, na pagbubukod ng kaso sa mismong lugar kung ang mga pagsasaayos ay kakailanganin para iuwi ang tao sa kanilang bahay.
 - Ang mga pahina ng katotohanan (fact-sheet) o iba pang mga impormasyong materyales na ibigbigay sa may kaso (o nararapat na miyembro/mga miyembro ng pamilya kung ang kaso ay bata) na sinasaklaw ang mga regulasyon hinggil sa sariling pagbubukod at mga nakaugnay (link) sa mga lugar (site) na may higit pang impormasyon.

- Ang plano o protokol para pasimulan ang [Plano sa Pangangasiwa ng Pagkalantad sa Paaralan](#) (School Exposure Management Plan) na tumutugma sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na bumabalangkas sa mga pamamaraan para sa:
 - Pagbubukod ng (mga) kaso;
 - Pagkilala sa mga taong nalantad sa mga kaso sa paaralan;
 - Pagkukulong (quarantine) ng mga nalantad na kawani at mag-aaral ayon sa mga patnubay na inilarawan sa [Appendix T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakanalantad sa mga Paaralang K-12](#).
 - Kasiguraduhan ng akses sa pagsusuri (testing) para sa lahat ng mga nalantad na mag-aaral sa loob ng paaralan na hindi pa ganap na nabakunahan, at lahat ng mga nalantad na kawani na hindi pa ganap na nabakunahan, o ganap nang nabakunahan at lampas na sa taning para sa kanilang pampalakas na dosis (booster dose).
 - Pag-aabiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng lahat ng mga kumpirmadong kaso ng sakit na COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at bata na nasa paaralan sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagkakasakit. Ang petsa sa pagsisimula ng sakit ay ang petsa ng pagsusuri sa COVID-19 o ang Petsa ng Simula ng Sintomas (Symptom Onset Date) ng nahawahang tao, alinman ang mas maaga. Ang pag-uulat ng kaso ay dapat na gawin sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos na maabisuhan ng paaralan sa kaso. Maaari itong kumpletuhin online gamit ang ligtas na aplikasyon sa web (web application): <http://www.redcap.link/lacdpheducationsector.covidreport> o sa pamamagitan ng pagdownload at pagkumpleto sa [COVID-19 Kaso at Kontak na Linyang Listahan para sa Sektor na Pang-edukasyon](#) at pagpapadala nito sa [ACDC-Education @ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).
- Ang plano para iulat agad ang kumpol ng mga kaso (3 o mas marami pang mga kaso sa loob ng 14 na araw) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng parehong mga pagpipilian na inilarawan sa itaas: (1) pagsusumite ng ulat (report) online sa <http://www.redcap.link/lacdpheducationsector.covidreport> o (2) pagkumpleto sa [COVID-19 Kaso at Kontak na Linyang Listahan para sa Sektor na Pang-edukasyon](#) at i-email ito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa paaralan para tukuyin kung ang kumpol ay isang pagsiklab na mangangailangan ng pagtugon sa pagsiklab ng pampublikong kalusugan.
- Mga plano para sa anumang maaaring mangyari (contingency plans) para sa ganap o bahagyang pagsasara ng harapang personal na mga operasyon ng paaralan kung yan ay kakailanganin batay sa isang pagsiklab sa paaralan o komunidad.
- Ang plano o protokol para isama ang pagsusuri sa COVID-19 (COVID-19 testing) sa mga regular na operasyon ng paaralan.
 - Sa pinakamababa, ang plano ay dapat na ilarawan ang estratehiya sa pagsisigurado ng akses sa pagsusuri para sa mga mag-aaral o empleyado na may mga sintomas o mga mag-aaral at kawani na hindi pa ganap na nabakunahan at may napag-alaman o pinaghihinalang pagkakanalantad sa nahawahang indibidwal na may SARS-CoV-2. Tandaan na ang mga kasalukuyang mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensyang Pagpigil sa COVID-19 ng Cal/OSHA ([Cal/OSHA ETS](#)) ay nag-aatas sa mga amo (employer) na mag-alok ng pagsusuri nang walang gastusin ang mga empleyado sa mga oras na bayad para sa:
 - Mga empleyado na may mga sintomas na hindi pa nababakunahan, hindi alintana kung mayroong napag-alamang pagkakanalantad.
 - Mga hindi pa nabakunahang empleyado pagkatapos malantad.
 - Mga nabakunahang empleyado pagkatapos malantad kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas.
 - Mga hindi pa nabakunahang empleyado sa isang pagsiklab (3 o mas marami pang mga kaso ng empleyado)
 - Lahat ng mga empleyado sa isang malakihang pagsiklab (20 o mas marami pang mga kaso ng empleyado).
 - **Mariing inirekomenda** sa mga paaralan na **magpanatili** ng sapat na kapasidad sa pagsusuri para suriin ang mga nalantad na mag-aaral na hindi pa ganap na nabakunahan at kawani na hindi pa ganap na napapanahon sa kanilang katayuan sa pagpapabakuna na hindi bababa sa isang beses kada linggo, sa 10 araw pagkatapos ng petsa ng kanilang huling pagkakanalantad. **Mangyaring abisuhan agad ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan kung wala kang kapasidad sa pagsusuri para matugunan ang patakarang ito.** Kung may mga mapagkukunang mga magagamit, dapat na palawigin ng mga paaralan ang pagsusuri upang maisama ang mga nalantad na mag-aaral at kawani na ganap nang nabakunahan.
 - Karagdagan pa rito, maaaring isaalang-alang ng paraalan ang estratehiya para sa pana-panahong pagsusuri para sa mga indibidwal na walang mga sintomas na walang alam na pagkakanalantad. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health o CDPH) ay hindi nag-aatas ng anumang partikular na dalas o pamamaraan para sa pagsusuri ng mga walang sintomas sa panahong ito. Gayunpaman, ang estado ay may itinakdang suporta para sa partikular na sunod-sunod na pagsusuri sa pamamagitan ng mga pandagdag na gamit sa pagsusuri, pagpapadala (shipment), kapasidad ng laboratoryo, pagpapatala at pag-uulat ng teknolohiya, pagsasanay, at tulong na may pagsasauli ng bayad ng seguro (insurance reimbursement). Pinapayuhan ang mga paaralan na iakses ang impormasyon at mga mapagkukunan tungkol

sa pagsusuri na nakasentro sa paaralan sa [Ligtas na mga Paaralan para sa Lahat ng Sentrong Lugar ng Estado](#). Sa mga oras ng matataas na bilang (rate) ng transmisyon sa komunidad, inirerekomenda ng LA County na ang pana-panahong pagsusuri ay kabilangan ng mga ganap nang nabakunahang indibidwal kung may mga pwedeng mapagkukunan ng mga magagamit.

- Ang plano ay dapat na magsaad na ang lahat ng mga resulta ng pagsusuri (testing results) ay iuulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
- Mangyaring tandaan: Ang pananalang pagsusuri (screening testing) ay hindi inirerekomenda para sa mga taong gumaling na mula sa kumpirmado ng laboratoryong COVID-19 sa loob ng nakalipas na 90 araw at walang mga sintomas.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit. Ang mga opisyal ng paaralan ay nagbigay ng impormasyon sa mga empleyado tungkol sa [mga benepisyong bakasyon na itinaguyod ng amo \(employer\) o ng gobyerno](#).

Ang mga empleyado na may pagkakatantad o pinaghihinalaang pagkakatantad sa taong may COVID-19 ay dapat na sumunod sa gabay ng pagkukulung (quarantine) na idinatala sa [Appendix T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakatantad para sa mga Paaralang K-12](#).

Ang paggamit ng mga pasilidad ng paaralan para sa mga hangaring hindi pang-paaralan (mga pagpupulong o kaganapan ng komunidad, pagbisita sa mismong lugar (on-site) na klinika ng mga tao na hindi mga mag-aaral o kawani, atbp.) ay pinahihintulutan. Ang paggamit ng mga panloob na pasilidad ng paaralan ay nagbibigay ng mas maraming panganib ng kontaminasyon ng panloob na hangin at mga ibabaw (surfaces) at dapat mag-ingat upang maiwasan ang hindi kinakailangang pagkakatantad ng mga regular na empleyado at mag-aaral ng paaralan. Ang regular na nakagawiang paglilinis pagkatapos gamitin ang mga panloob na pasilidad ng mga grupo na hindi parte ng paaralan ay rekomendado. Ang paggamit ng mga panlabas na larangan ng palakasan (athletic fields) ng mga hindi nag-aaral sa paaralang mga koponang palakasan ng kabataan, mga liga, o samahan (club) ay pinahihintulutan hangga't ginagawa ang pag-iingat upang maiwasan ang hindi kinakailangang pagkakatantad para sa mga regular na empleyado at mag-aaral ng paaralan.

- Ang [mga pagsasalala sa empleyado](#) (employee screenings) ay inirerekomendang isagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Ang mga pagsasalala (screening) sa pasukan ay dapat na kabilangan ng pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, nahihirapan sa paghinga at lagnat o pagkaginaw at kung ang empleyado ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pagkukulung (quarantine). Ang mga pagsasalang ito ay maaaring gawin nang harapan pagdating sa lugar o malayuan (remotely) bago dumating gamit ang digital app o iba pang pamamaraan.
- Tandaan na ang kasalukuyang [Cal/OSHA ETS](#) ay nag-aatas sa mga amo (employer) na ihiwalay ang mga empleyado mula sa lugar ng trabaho na may mga sintomas ng COVID-19 at/o hindi pa ganap na nabakunahan at nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha. Ang Cal/OSHA ay hindi nag-uutos ng anumang partikular na pamamaraan sa pagsasalala ng empleyado ngunit ang pagpapatupad ng ilang pamamaraan ayon sa inirekomenda na tutulong sa pagsunod sa kasalukuyang ETS.

Ang pagmamaskara ay [mariing inirerekomenda ngunit](#) hindi inaatas sa sinumang papasok sa mga gusali o sasakyan ng paaralan (mga bus ng paaralan pati na rin ang mga gusali ng paaralan) na nagkaroon ng pakikisalamuha sa iba (mga mag-aaral, magulang o iba pang mga empleyado).

- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha sa iba ay dapat na bigyan, nang walang gagastusin, ng mataas na antas na pamprotektang maskara sa mukha tulad ng maskarang pang-opera o respireytor, depende sa gusto ng empleyado. [Mariing inirerekomenda](#) na ang maskara ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa iba. Ang mga empleyado na inatasan ng kanilang medikal na tagapag-alaga (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng maskara ngunit ninanais na malubos ang kanilang personal na proteksyon ay maaaring isaalang-alang ang isang hindi mahigpit na alternatibo tulad ng isang panangga ng mukha (face shield) na may tela sa ilalim. Ang tela na lapat sa ilalim ng baba ay [pinakamainam](#).
- Patakarang sa pagbibigay ng mga maskara na mataas ang antas (upgraded masks) sa mga empleyado ng paaralan: [Mariing inirerekomenda na](#) ang mga empleyado ng paaralan, tulad ng tinukoy sa itaas, ay dapat na magsuot ng mga maskara na pang-opera ang antas (na tinatawag rin na mga maskara ng medikal na pamamaraan) o mas mataas na antas na PPE (hal., KN95 o N95 na maskarang respireytor) [sa mga panloob na lugar](#). Para sa mga nagsusuot ng mga maskarang pang-opera, ang dobleng pagmamaskara, na may telang pantakip ng mukha na nakasuot sa ibabaw ng pang-operang maskara, ay inirerekomenda para sa mas mahusay na proteksyon. Ang mga amo (employer) ay inaatasang magbigay [para sa](#) boluntaryong paggamit, ng lapat na kasyang mga medikal na maskara at respireytor, tulad ng N95, KN95 o KF94, nang walang gastos sa kanilang mga empleyado ng paaralan na nagtatrabaho sa mga panoob na lugar at may pakikisalamuha sa iba. Mangyaring tandaan, na inaatasan ng [CAL/OSHA](#) na ang mga amo (employers) ay magbigay ng mga respireytor kapag hiniling para sa boluntaryong paggamit sa sinumang hindi pa nabakunahang empleyado [na nagtatrabaho sa mga panloob na lugar o sa mga sasakyan na may higit sa isang tao](#) kasama ang mga tagubilin sa kung paano sisiguraduhin na ang maskara ay wasto ang pagkasya.
- [Walang tao](#) ang maaaring pigilan na magsuot ng maskara bilang kondisyon ng pakikilahok sa aktibidad o pagpasok sa lugar ng paaralan maliban kung magbabadya ng panganib sa kaligtasan ang pagsusuot ng maskara.
- [Mariing inirerekomenda](#) na ang mga kawani ay magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras kapag nasa mga panloob

na lugar (indoors), maliban kung sila ay mag-isang nagtatrabaho sa pribadong opisina na may mga saradong pinto; kapag sila lang ang **tanging** nag-iisang indibidwal na naroroon sa mas malaking bukas na espasyo ng trabaho para sa maraming mga empleyado; o kapag kumakain o umiinom.

- Mariing inirekomenda ngunit hindi inaatas na ang mga mag-aaral ay magsuot ng mga maskara na mataas ang antas (upgraded masks) sa mga panloob na lugar na lapat man lamang ang pagkakakasya na hindi telang maskara na maramihan ang patong ng hindi hinabing materyales na may kawing pang-ilong. (Ang mga telang maskara na nakakatugon sa mga pamantayan ng ASTM para sa mataas na kahusayan sa pananala (ASTM F3502-level2) ay nakakatugon rin sa mga rekomendasyon para sa mga mas mataas na antas na maskara. Tingnan ang ph.lacounty.gov/masks para sa mas marami pang impormasyon). Wala sa protokol na ito ang nag-aatas na ang paaralan ay magbigay ng mga maskara na mataas ang antas sa populasyon ng pangkalahatang mag-aaral nito. **Gayunpaman, ang pagmamaskara na may ilang naaangkop na uri ng pantakip ng mukha ay mariing inirekomenda kapag nasa panloob na mga lugar maliban kapag aktibong kumakain o umiinom.**
- Para sa pinakabagong gabay at impormasyon sa pagmamaskara ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (LACDPH), sumangguni sa [Mga Maskara sa COVID-19](#).
- Ang mga alternatibong estratehiyang pamproteksyon ay maaaring gamitin para mapaunlakan ang mga mag-aaral na nasa Indibidwal na Edukasyon o 504 na mga Plano o nasa mga sitwasyon kung san ang paggamit ng maskara ay hamon dahil sa mga kadahilanan sa pagtuturo o pag-unlad (hal., pakikipag-usap o pagtulung sa batang mga bata o sa mga may mga espesyal na pangangailangan). Para sa mga mag-aaral na gusto ang mas mataas na personal na proteksyon ngunit hindi makayanan ang maskara, maaari nilang ikonsidera ang paggamit ng isang panangga sa mukha na may tela sa ilalim.
- Dapat na nalalaman ng mga pampublikong paaralan ang mga patakaran sa AB 130 upang makapag-alok ng mga independiyenteng programa sa pag-aaral para sa paaralang taong 2021-22.

- Inirekomenda na ang mga empleyado **na patuloy na nagmamaskara** ay dapat na sabihan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha at turuan ang mga magulang na siguraduhin na ang mga anak **na patuloy na nagmamaskara ay natutustusan ng maraming** malilinis na maskara sa mukha.
- Ang mga kawani ay hindi hinihikayat na kumain o uminom maliban **kapag nagagawa nilang** dagdagan ang kanilang distansyang pisikal mula sa iba.
- Isaalang-alang ang pagdaragdag ng espasyo sa pagitan ng mga empleyado sa anumang silid o lugar na ginagamit ng mga kawani para sa kainan at/o panandaliang pahingahan, lalo na kapag ang espasyo ay pinagsasaluhan ng mga empleyado na hindi pa ganap na nabakunahan o hindi alam ang katayuan sa pagpapabakuna.
- Dapat na isaalang-alang ng mga paaralan ang pagpapatupad ng mga hakbang upang malinaw na maipahatid** sa lahat ng mga empleyado, mga kontraktor na nasa pwesto, mga nagtitinda at tauhan ng paghahatid ang mga tagubilin **tungkol sa mariing mga rekomendasyon para at wastong** paggamit ng mga maskara sa mukha kapag nasa paligid ng iba sa panloob na lugar (indoors).
- Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), mga banyo (restrooms), mga silid-aralan (classrooms) at iba pang mga lugar na pangkaraniwang ginagamit o binibisita ng kawani ay nililinis sa dalas na nakalista sa ibaba. Ang nakagawiang paglilinis ay inirekomenda sa dalas na hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga panahon ng operasyon ngunit maaaring gawin nang mas madalas.

- Mga silid sa panandaliang pamamahinga
- Mga banyo
- Mga silid-aralan
- Mga laboratoryo
- Opisina ng nars (nurse)
- Mga lugar sa pagpapayo at iba pang suporta ng mag-aaral
- Opisina sa Harap (Front office)
- Iba pang mga opisina
- Iba pa (awditoryum, gimnasyum, silid-aklatan kung ginagamit) _____

- Ang madalas na nahahawakang mga lugar sa mga silid sa panandaliang pamamahinga ng kawani ay nirerekomendang linisin ng hindi

bababa sa isang beses kada araw.

- Inirerekomenda na ang sanitizer para sa kamay na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng empleyado na nasa o malapit sa mga sumusunod na lokasyon (lagyan ng tsek ang lahat ng nalalapat).
 - (Mga) Pasukan at (mga) labasan ng gusali _____
 - Sentral na opisina _____
 - Mga pasukan ng hagdanan _____
 - Pasukan ng elebeytor (kung naaangkop) _____
 - Mga silid-aralan _____
 - Silid sa panandaliang pamamahinga ng mga guro _____
 - Mga opisina ng guro: _____
- Inirerekomenda na ang mga empleyado ay alukin ng madalas na pagkakataon na hugasan ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig.
- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA PAHINTULUTAN ANG INIREKOMENDANG DISTANSYANG PISIKAL AT BAWASAN ANG SIKSIKAN NG MGA KAWANI, MAG-AARAL AT BISITA (LAGYAN NG TSEK ANG LAHAT NG NALALAPAT)

TANDAAN: Inirerekomenda ng LACDPH na ipatupad ang mga hakbang na lumilikha ng distansyang pisikal kapag ang paggawa nito ay hindi nakagagambala sa buong-panahon (full-time) na pagdalo ng mga nakatalang mag-aaral. Lalong mahalaga ito sa mga panahon na ang mga grupo ng mag-aaral ay nasa labas ng silid-aralan (hal. paglipat sa mga pasilyo) kung saan ang dinagdagang distansyang pisikal ay mas pinipili. Sa mga sitwasyon kung kailan ang distansyang pisikal ay hindi magagawa (hal. labis na punong mga silid-aralan), ang **pagsusuot** ng maskara ay **nananatiling labis na inirerekomenda**.

- Ang mga maskara sa mukha ay **labis na inirerekomenda ngunit hindi** iniaatas sa mga bus at van ng paaralan.
- Isaalang-alang ang pagpapanatili ng mga hakbang para itaguyod ang distansyang pisikal ng mga mag-aaral sa mga bus ng paaralan dahil maraming mga mag-aaral ang nananatiling hindi pa nabakunahan. Maaring kabilang sa mga hakbang na ito ang (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Pagpapaupo ng isang bata kada upuan ng bus. _____
 - Paggamit ng salit-salitang mga hilera. _____
 - Magbukas ng mga bintana kung pahihintulutan ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin at kaligtasan ng nakasakay. _____
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga hakbang para mabawasan ang siksikan habang ang mga mag-aaral, magulang o bisita ay pumapasok at dumadaan sa gusali ng paaralan. Maaaring kabilang dito (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Ang mga iskedyul ay isinaayos para iwasan ang pagsisiksikan sa mga karaniwang espasyo at kapag posible, pahintulutan ang solong silid-aralan o mallilit na grupo na dumadaan sa mga pangmadlang lugar (tulad ng mga pasilyo at banyo) sa iisang panahon. _____
 - Ang mga empleyado ng paaralan ay nakabantay sa mga pasilyo para itaguyod ang distansyang pisikal at mabawasan ang magpagala-gala at siksikan habang ang mga mag-aaral ay pumapasok, at nagpapatuloy sa mga silid-aralan. _____
 - Ang sumusunod na mga hakbang ay maaaring ipatupad para maiwasan ang pagsisiksikan sa mga hagdanan:
 - Pagtatalaga ng pataas at pababang mga hagdanan _____
 - Paghahalinhan sa mga panandaliang pamamahinga sa pagitan ng mga klase _____
 - Pagsusubaybay sa mga hagdanan ng mga kawani ng paaralan _____

- Iba pa: _____
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga hakbang na nagpapahintulot ng distansyang pisikal sa loob ng mga silid-aralan kapag posible nang hindi nakagagambala sa mga kinakailangang operasyon. Maaaring kabilang dito ang mga sumusunod na hakbang (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Ang muwebles (furniture) ng silid-aralan ay iniayos para palawigin ang distansya sa pagitan ng mga mag-aaral at sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Bilang isang pinakamahasul na kasanayan, iwasan ang paggamit ng “kumpol” na pagkakaupo (pod seating arrangements) sa mga silid-aralan. Kung ang pagdistansya ay hindi magagawa, isaalang-alang ang iba pang mga hakbang pangkaligtasan kabilang **ang maringing rekomendasyon na magsuot ng mga maskara sa mga panloob na lugar.**
 - Isaalang-alang ang pagpapahusay ng pinabuting bentilasyon.
 - **Isaalang-alang ang pagpapanatili** hangga’t maaari ng pinalayong distansya sa **mga panloob na lugar** kapag ang mga mag-aaral o kawani ay hindi nakamaskara.
 - Ang mga lugar sa pag-idlip o pagpapahinga sa silid-aralan ay naglalagay sa mga mag-aaral ng pinalayong distansya mula sa isa’t isa at salitan ang mga paa sa ulo.
 - Iba pa: _____
- Isaalang-alang ang pagbibigay ng mga klase sa pisikal na edukasyon sa labas (outdoors) hangga’t maaari at piliin ang mga aktibidad na nagpapahintulot ng distansyang pisikal. **Sa panahon** ng mga klase sa pisikal na edukasyon na ginaganap sa mga panloob na lugar, **maringing inirerekomenda** na ang lahat ng naroroon ay magsuot ng mga maskara maliban kapag umiinom ng tubig.
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga patakaran sa paaralan na nagtataguyod ng distansyang pisikal sa mga bihisang silid (locker room). Ang mga patakaran ay dapat na kabilangan ng:
 - Pag-aalok lamang ng akses sa mga bihisang silid (locker room) kapag ang mga kawani ay maaaring mangasiwa. Gawing halinhinan ang akses sa bihisang silid (locker room). Isaalang-alang ang paglilimita sa kabuuang oras na ginugulog ng mga mag-aaral at atletang mag-aaral sa mga bihisang silid (locker rooms), halimbawa, imungkahi ang paliligo (shower) sa bahay ng mga atletang mag-aaral pagkatapos ng ensayo at mga laro.
 - Paglilikha ng mga alternatibong pagpipilian para sa lagayan ng mga kasuotan, libro at iba pang mga gamit ng mag-aaral.
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga hakbang para dagdagan ang distansyang pisikal sa panahon ng kainan sa paaralan kapag ang mga mag-aaral ay nasa mga panloob na lugar at walang maskara. Maaaring kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):
 - Kung ang mga mag-aaral ay pipila para kumuha ng pagkain, ang teyp (tape) o iba pang mga marka ay gamitin para itaguyod ang pagdistansya sa pagitan ng mga mag-aaral. _____
 - Kung ang mga kainan ay magaganap sa kapiterya, gawing halinhinan ang mga oras ng pagkain para mabawasan ang bilang ng mga grupo sa kapiterya sa anumang panahon. _____
 - Kung ang mga kainan ay nagaganap sa kapiterya, ang espasyo sa pagitan ng mga mesa/upuan ay dinagdagan na para panatilihin ang distansya sa pagitan ng mga mag-aaral habang kumakain. _____

C. MGA HAKBANG NA SINISIGURADO ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang pagsasala sa sintomas ay inirerekomendang isagawa bago pumasok sa paaralan ang mga mag-aaral, bisita at kawani. Ang pagsasala ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) na tumutukoy sa mga sintomas na naaayon sa posibleng COVID-19 at anumang iba pang mga sintomas na maaaring nararanasan ng indibidwal. Ang mga pagsusuring_ito ay maaaring gawin nang malayuan (**halimbawa** kapag gumagamit ng digital app) o sa harapan pagdating ng tao. Ang pagsusuri sa temperatura gamit ang hindi nasasaging termometro sa pasukan ay maaaring isama bilang bahagi ng pagsasala, kung magagawa, lalo na sa mga bisita na maaaring hindi bahagi ng sistematikong proseso ng pagsasala sa bahay.
 - Ang mga mag-aaral, kawani, at mga bisita na nasalang positibo sa pasukan o nag-uulat ng mga sintomas sa anumang punto sa araw na may pasok sa paaralan ay dapat na iulat sa Koponan sa Pagsunod sa COVID-19 (tingnan ang Seksyon A). Ang Koponan sa Pagsunod sa COVID-19 ay magpapasya kung ang indibidwal ay dapat paalisin sa pasilidad alinsunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa **mga Landas ng Pagsasala sa Sintomas at Pagkakatantad** sa mga Institusyong Pang-edukasyon. Ang mga mag-aaral na masasalang positibo ay bibigyan ng maskarang pang-opera, maliban kung sila ay nakasuot na ng maskara

ng inirekomendang kalidad, at sinamahan sa isang pauna nang napiling (pre-selected) espasyo sa pagbubukod kung saan sila maaaring manatili habang ginagawa ang pagpapasya sa pagbubukod (exclusion) at ginagawa ang mga pagsasaayos para sa kanilang pagpapauwi sa bahay, saanman isinasaad.

- Alinsunod sa mga Landas ng Pagsusuri sa Sintomas at Pagkakalantad ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan, ang mga mag-aaral, kawani, at mga bisita na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha sa indibidwal na nasalang positibo para sa mga sintomas na naaangkop sa posibleng COVID-19 ay inaabisuhan sa posibleng pagkakalantad. [Tingnan ang Appendix T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad para sa mga K-12 na Paraalan para sa detalyadong gabay.](#) Ang pagsasala ng mga matatanda at mga mag-aaral na nasa edad ng gitna at mataas na paaralan ay dapat na kabilangan ng katanungan tungkol sa malapitang pakikisalamuha sa sinumang tao sa bahay, paaralan o saanman sa nakalipas na 10 araw na nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19.
 - Ang sinuman na nasala na para sa kamakailang pagkakalantad at nag-uulat ng malapitang pakikisalamuha sa nahawahang tao ay dapat na pangasiwaan ayon sa gabay sa [Apendiks T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad para sa mga Paaralang K-12.](#)
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga hakbang para limitahan ang panganib ng impeksyon dahil sa mga pagbisita ng mga indibidwal maliban sa mga kawani at mag-aaral. Maaaring kabilang dito ang (itseks ang lahat na nalalapat):
 - Dapat na limitahan ng mga paaralan ang hindi kinakailangang mga bisita, boluntaryo, at aktibidad na kinasasangkutan ng mga panlabas na grupo o organisasyon na may mga taong hindi ganap na nabakunahan.
 - Ang mga bisita ay dapat na nakarehistro sa talaan ng bisita (visitor log) na kinabibilangan ng pangalan ng bisita, numero ng telepono at email address sakaling kakailanganin ang impormasyong ito sa hinaharap para sa mga layunin ng pagkilala sa mga nakasalamuha (contact tracing). Kung ang bisita ay dapat na samahan ng ibang tao (hal., para sa tulong sa pagsasalina ng ibang wika, o dahil ang bisita ay menor de edad, o mayroong mga menor de edad na mag-aaral), ang kanilang impormasyon ay dapat ring makuha sa talaan ng bisita. _____
 - Ang pagkilos ng mga bisita sa loob ng paaralan ay pinakamainam na limitado sa mga itinalagang lugar tulad ng tanggapan o lugar ng bulwagan (lobby), mga opisina, mga silid ng komperensya o pagpupulong, at pampublikong banyo hanggang magagawa, nang sa gayon ay mabawasan ang hindi kinakailangang pakikihalubilo sa anumang pirmihang grupo sa pag-aaral. _____
 - Ang mga bisita na dumarating sa paaralan **ay maring inirekomenda ngunit hindi inaatas** na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa loob ng paaralan. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang pataas. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapag-alaga (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha (face shield) na may tela (drape) sa ilalim, hangga't pinahihintulutan ng kanilang kondisyon. Ang tela na lapat sa ilalim ng baba ay mas pinipili. Para suportahan ang kaligtasan ng inyong mga empleyado at iba pang mga bisita, **ikonsidera ang pag-aalok** ng maskara sa mukha sa mga bisita na **dumarating na wala nito**. Para sa kaligtasan ng mga bisita, pati na rin ang kabuuang populasyon ng paaralan, inirekomenda ngunit hindi inaatas na sa oras na ito na ang mga bisita ay magsuot ng mataas na grado ng maskara habang nasa kampus tulad ng pangoperang grado (o medikal na pamamaraan) na maskara o mas mataas na antas na PPE (hal., KN95 o N95 respireytor). _____
- Ang pagpapatupad ng mga hakbang para itaguyod ang pinakamaayos na bentilasyon sa paaralan ay maring inirekomenda. Maaaring kabilang dito ang (itseks ang lahat na nalalapat):
 - Ang paglipat ng pag-aaral sa silid-aralan, kainan, at mga aktibidad sa labas na espasyo ay pinalalawig kailanman magagawa at kung pinahihintulutan ng lagay ng panahon. _____
 - Ang sistema ng HVAC ng paaralan ay nasa maayos at gumagana ng mabuti. Bago ang muling pagbubukas ng paaralan, isaalang-alang ang pagsusuri (evaluated) ng sistema ng HVAC ng naaangkop na inhinyero na pamilyar sa Patnubay para sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan na itinatag ng American Society of Heating, Refrigerating, and Air-conditioning Engineers (ASHRAE). _____
 - Ang mga sistema ng HVAC ay itinakda para palawigin ang palitan ng panloob/panlabas na hangin maliban kung ang mga kondisyong panlabas (kamakailang sunog, napakataas na temperatura sa labas, mataas na bilang ng pollen, atbp.) ay ginagawa itong hindi nararapat. _____
 - Ang nabibitbit at napakahusay na mga panglinis ng hangin ay nailagay na kung magagawa. _____
 - Ang mga pintuan at bintana ay pinananatiling bukas sa araw na may pasok kung magagawa at kung ang mga kondisyong panlabas ay ginagawa itong nararapat. Ang mga umiiral na kodigo ng apoy (fire code) na nag-aatas ng pagsasara ng mga pinto na may

gradong pangsunog (fire-rated doors) ay dapat na igalang. _____

- Ang mga panala ng hangin ay binago na sa mas mataas na kahusayan (MERV-13 o mas mataas na antas ay mas pinipili). _____
- Dahil sa kapasidad ng malaking silid at mataas na panganib na mga aktibidad na nagaganap sa palaruan (court), ang pinahusay na bentilasyon sa mga dyimnasyum ay isang kritikal na estratehiya upang mapababa ang panganib ng transmisyong virus at mga pagsiklab na magaganap bilang resulta ng mapagkumpitensyang paglalaro na mataas ang panganib. Ang estratehikong paggamit ng mga bentilador upang mapahusay ang palitan ng hangin na kapantay ng sahig ay maaaring magkaroon ng makabuluhang epekto sa pagkontrol ng panganib na ito. Tingnan ang [Pinakamahusay na mga Kasanayan para sa Bentilasyon ng Dyimnasyum](#) para sa karagdagang gabay. _____
- Iba pa: _____

Inirerekomenda na magkaroon ng mga hakbang na isinaayos para itaguyod ang nararapat na paglilinis ng espasyo, mga ibabaw at bagay sa lahat ng dako ng paaralan. Maaaring kabilang dito (itsek ang lahat na nalalapat):

- Ang iskedyul sa paglilinis ay nagawa na upang maiwasan ang kakulangan at pagmamalabis na paggamit ng mga produkto sa paglilinis. _____
- Ang mga bus ay lubusang nililinis at dinidisipekta araw-araw pagkatapos na maghatid ng sinumang indibidwal na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19. Ang mga nagmamaneho ay mayroong mga pandisipektag pamunas at patapong (disposable) mga guwantes para suportahan ang pagdisipekta ng mga ibabaw kung kinakailangan habang ginagamit. _____
- Ang mga bukal na inuman ay maaaring magamit. Para pababain ang panganib ng sakit na Legionnaire at iba pang mga sakit na nauugnay sa tubig, gumawa ng mga hakbang upang siguraduhin na ang lahat ng mga sistema at katangian (features) ng tubig (hal., mga bukal na inuman, pangdekorasyong bukal) ay ligtas na gamitin pagkatapos ng napakahabang pagsasara ng pasilidad. Kinabibilangan ito ng wastong pagbobomba at maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa paglilinis (kabilang ang pagdidisipekta). Sumangguni sa Gabay para sa Muling Pagbubukas ng mga Gusali Pagkatapos ng Napakahabang Pagsasara o Binawasang Operasyon ng CDC: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/building-water-system.html>. _____
- Ang mga produkto sa paglilinis na epektibo laban sa COVID-19 (nakalista ang mga ito sa aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency o EPA) ay ginagamit ayon sa mga tagubilin ng produkto. Kapag walang magagamit na mga pandisipekta na aprubado ng EPA, ang mga alternatibong pandisipekta ay maaaring gamitin (halimbawa, 1/3 na tasa ng pagpapaputi [bleach] na dinagdag sa 1 galon ng tubig, o 70% solusyon ng alkohol). Huwag ihalo ang pagpapaputi o iba pang mga produkto sa paglilinis at pandisipekta nang magkasama – nakalilikha ito ng nakakalasang usok na maaaring napaka-mapanganib na malanghap. _____
- Ang mga katiwala at ibang mga kawani na responsable sa paglilinis at pagdidisipekta ng mga ibabaw at bagay sa paaralan ay sinanay sa mga tagubilin ng tagagawa, mga patakaran ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit at sa inaatas ng Batas sa Malusog na Paaralan (Healthy Schools Act), kung naaangkop. _____
- Ang mga katiwala at ibang mga kawani na responsable para sa paglilinis at pagdidisipekta ay mayroong naaangkop na pansariling pamprotektang kagamitan (PPE), kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan tulad ng inaatas ng produkto. _____
- Ang lahat ng mga produkto sa paglilinis ay nasa hindi maaabot ng mga bata at nakatabi sa espasyo na may limitadong akses. _____
- Ang bentilasyon ay pinalakas nang labis sa panahon ng paglilinis at pagdidisipekta hanggang magagawa. Kung gumagamit ng pagpapalamig ng hangin (air conditioning), gamitin ang pagkakaayos (settings) na nagdadala ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga panala ng hangin (air filter) at mga sistema sa pagsasala (filtration systems) para masigurado ang pinakamahusay na kalidad ng hangin. _____
- Ginagawa ang mga hakbang para siguraduhin na ang lahat ng mga sistema sa tubig at mga lababo ay ligtas na gamitin pagkatapos ng napakahabang pagsasara ng pasilidad upang mapababa ang panganib ng sakit na Legionnaire at iba pang mga sakit na nauugnay sa tubig. _____
- Ang mga banyo, bulwagan (lobby), silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms) at pahingahan (lounges), at iba pang mga pangmadlang lugar ay nililinis sa dalas na nakalista sa ibaba. Ang nakagawiang regular na paglilinis ay inirerekomenda sa dalas

na hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga panahon ng operasyon ngunit maaaring gawin nang mas madalas.

- o Mga banyo: _____
- o Mga bulwagan (lobby)/lugar ng pasukan: _____
- o Mga silid sa panandaliang pamamahinga ng guro/kawani: _____
- o Mga silid-aralan: _____
- o Lugar ng kainan sa kapiterya: _____
- o Lugar sa paghahanda ng pagkain sa kapiterya: _____
- o Harapang tanggapan: _____
- o Iba pang mga tanggapan: _____
- o Iba pang mga lugar: _____

Ang mga hakbang ay naisaayos na **para itaguyod** ang paggamit ng mga nararapat na maskara sa mukha ng mga kawani, mag-aaral at bisita sa lahat ng oras kapag nasa mga panloob na lugar (indoors), **na nakahanay sa matibay na rekomendasyon sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan**. Maaaring kabilang dito ang (itsek ang lahat na nalalapat):

- Ang mga kawani, magulang at mag-aaral ay inabisuhan sa mariing **rekomendasyon** na magsuot ng mga maskara sa mukha **sa mga panloob na lugar** bago ang pagsisimula ng taon ng pag-aaral at palagiang regular na inaabisuhan sa buong pampaaralang taon. _____
- Ang lahat ng mga mag-aaral na 2 taon ang edad pataas ay mariing **inirerekomenda** na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa mga loob na lugar na ari-arian ng paaralan maliban kung kumakain, umiinom o nagsasagawa ng iba pang mga aktibidad na nakapagpapigil sa paggamit ng mga maskara sa mukha. _____

Mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas na ang mga mag-aaral ay magsuot rin ng mga maskara na mataas ang antas (upgraded masks). Isang lapat ang pagkakakasya, hindi telang maskara na maramihan ang patong ng hindi hinabing materyales na may kawing pang-ilong ay inirerekomenda. (Ang mga telang maskara na nakakatugon sa mga pamantayan ng ASTM para sa mataas na kahusayan ng pananala (ASTM F3502-level2) ay inirerekomenda. Tingnan ang ph.lacounty.gov/masks para sa mas marami pang impormasyon). Wala sa protokol na ito ang nag-aatas na ang paaralan ay magbigay ng mga maskara na mataas ang antas sa populasyon ng pangkalahatang mag-aaral nito. **Gayunpaman, ang pagmamaskara na may ilang naaangkop na uri ng pantakip ng mukha ay mariing inirerekomenda sa panloob na mga lugar sa kampus ng paaralan** maliban kapag aktibong kumakain o umiinom. Ang mga alternatibong estratehiyang pamproteksyon ay maaaring gawin para tulungan ang mga mag-aaral na nasa Indibidwal na Edukasyon o 504 na mga plano at may mga medikal na kadahilanan kung bakit hindi makakagamit o makakayanan ang mga maskara sa mukha. **Maaari nilang isaalang-alang** na ipalit ang panangga sa mukha na may tela (drape) sa ilalim kung kakayanin, **kung ang paggamit ng personal na proteksyon ay ninanais ng mag-aaral o mga magulang.**

- **Inirerekomenda ang** pagbibigay ng impormasyon sa mga kawani, magulang at mag-aaral tungkol sa wastong paggamit ng maskara sa mukha kabilang ang pangangailangan na labhan o palitan ang mga maskara sa mukha pagkatapos ng bawat araw na paggamit. _____
- **Inirekomenda ang** karatula na nasa pasukan sa paaralan, sa pasukan sa tanggapan ng paaralan at sa buong gusali ng paaralan ay nagpapatibay sa **mariing rekomendasyon** para at sa wastong paggamit ng mga maskara sa mukha. _____
- Ang mga magulang ng mas nakababatang mga bata **na gusto na magpatuloy ang kanilang anak na magsuot ng maskara** ay hinihikayat na magbigay ng pangalawang maskara sa mukha para sa paaralan sa bawat araw sakaling madumihan ang suot-suot ng bata; magpapahintulot ito para sa pagpapalit ng maskara sa mukha sa kasalukuyang araw. _____
- Ang mga empleyado na gumagawa ng mga aktibidad tulad ng pagbibigay ng pisikal na pagpapagalang [therapy] o pansariling tulong [personal assistance] sa mga indibidwal na mag-aaral ay mayroong naaangkop na pansariling pamprotektang kagamitan (mga guwantes, maskara, toga [gown], atbp.). _____
- **Ang mga guro o iba pang kawani na gusto na magsuot ng maskara ngunit nababahala sa potensyal na balakid sa pinakikinggang tagubilin ay dapat na ikonsidera ang mga maskara na may malinaw na bahagi na ginagawang kita ang mga labi at bibig. Maaari rin nilang isaalang-alang ang pagpapalit ng panangga sa mukha na may tela sa ilalim.**

Ang pagpapatupad ng mga hakbang para itaguyod ang madalas na paghuhugas ng kamay ng mga kawani, mag-aaral at bisita ay inirerekomenda. Maaaring kabilang dito (itsek ang lahat na nalalapat):

- Ang mga mag-aaral at kawani ay binigyan ng madalas na mga pagkakataon na hugasan ang kanilang mga kamay nang 20 segundo gamit ang sabon, lubusang pagkukuskos pagkatapos ng aplikasyon, at paggamit ng mga tuwalyang papel (o isahang-gamit na mga telang tuwalya) para patuyuin nang lubusan ang mga kamay. _____
- Ang mga mas batang mag-aaral ay regular na iniskedyul para sa madalas na mga pahinga para sa paghuhugas ng kamay, kabilang ang bago at pagkatapos kumain, pagkatapos ng pagbabanyo, pagkatapos ng paglalaro sa labas, at bago at pagkatapos ng anumang grupong aktibidad. _____
- Ang mga kawani ay inaatasan na ipakita ang madalas na paghuhugas ng kamay, lalo na sa mga mas mababang grado kung saan ang oras ng pagbabanyo ay isang pagkakataon para pagtibayin ang mabuting kinagawian at masubaybayan ang wastong paghuhugas ng kamay. _____
- Ang sanitizer para sa kamay na naglalaman ng ethyl alcohol (naglalaman ng hindi bababa sa 60% ethanol) ay magagamit ng mga mag-aaral at kawani sa mga estratehikong lokasyon sa buong paaralan kung saan walang lababo o nabibitbit na estasyon sa paghuhugas ng kamay (sa mga silid-aralan o malapit sa mga silid-aralan, mga silid kung saan binibigay ang mga serbisyo ng suporta, mga silid ng musika at sining). Mas pinipili ang sanitizer para sa kamay na may ethyl alcohol at dapat na gamitin sa mga kapaligiran ng paaralan. Ang mga sanitizer para sa kamay na may isopropyl alcohol bilang ang pangunahing aktibong sangkap ay hindi ginagamit sa paaralan, dahil ito ay mas nakakairita at maaaring masipsip ng balat. _____
- Ang paglunok ng mga sanitizer para sa kamay na may alkohol ay maaaring magsanhi ng pagkalason gawa ng alkohol. Hindi dapat lantad ang sanitizer para sa kamay at dapat na gamitin na may pangangasiwa ng nakatatanda para sa mga batang wala pang 9 na taong gulang. Ang mga guro at kawani ay pinagsabihan ng panganib ng paglunok at dapat silang tumawag sa Pagkontrol ng Lason sa 1-800-222-1222 kung may dahilan sila para maniwala na ang mag-aaral ay nakalunok ng sanitizer para sa kamay. _____
- Ang sanitizer para sa kamay, sabon at tubig, mga tisyu at basurahan ay magagamit sa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa tanggapan, at saanman sa loob ng lugar ng trabaho o nasa labas agad kung saan ang mga tao ay mayroong direktang pakikihalubilo. _____

MGA ESPESYAL NA KONSIDERASYON PARA SA SINING NA PAGTATANGHAL

☐ Mga klase sa musika

- **Mariing inirerekomenda** na ang anumang aktibidad na nangangailangan na tanggalin ng mga lumalahok ang kanilang mga maskara sa mukha ay gawin lamang bilang isang grupo kung ang aktibidad ay ginaganap sa panlabas na mga lugar.
- Ang pagpapatugtog ng mga instrumentong hinihipan ay pinahihintulutan sa panloob na mga lugar sa pang-grupong kapaligiran **na may** sumusunod na mga hakbang pangkaligtasan na **mariing inirerekomenda**.
 - **Mariing inirerekomenda** na ang mga tumutugtog ng mga instrumentong hinihipan ay dapat na wastong magsuot ng binagong pantakip ng mukha na nagpapahintulot ng direktang kontak sa kagamitang pambibig (mouthpiece) ng instrumento sa tuwing kanilang tinutugtog ang instrumento. Sa mga panahon na ang mga mag-aaral ay hindi aktibong nag-eensayo o nagtatanghal, **inirerekomenda** na sila ay bumalik sa paggamit ng buong-mukhang pantakip.
 - Ang mga mala-kampanang takip (bell covers) ay **mariing inirerekomenda** na gamitin habang tumutugtog ng mga instrumentong hinihipan.
 - Ang pinakamababa na 3 talampakan ng distansyang pisikal **ay mariing inirerekomenda** sa pagitan ng sinumang indibidwal na tumutugtog ng hinihipang instrumento at lahat ng iba pang mga kalahok
 - **Mariing inirerekomenda na ang ang ma paaralan** ay magsagawa **ng nakagawiang** pananalang pagsusuri **kada linggo man lamang** alinman sa pagsusuri ng PCR o pagsusuri ng antigen ng **lahat** ng indibidwal na lumalahok **sa panloob na** lugar ng pag-eensayo o pagtatanghal ng grupo, **kung ang mga maskara, mala-kampanang pantakip at pagdistansya ay hindi ipinapatupad.**
- Kapag tumutugtog ng mga instrumentong hinihipan sa panlabas na mga lugar, isaalang-alang ang paggamit ng mga mala-kampanang takip para sa mga bukasang mga instrumentong hinihipan, mga binagong maskara na nagpapahintulot ng direktang kontak sa mga bahaging hinihipang instrumento, at espesyal na dinisenyong supot na may bukasang kamay para sa mga instrumentong hinihipan, pati na rin ang paglikha ng distansyang pisikal (6 na talampakan ang inirerekomenda) sa pagitan ng mga indibidwal na tumutugtog ng mga instrumentong hinihipan at iba pang mga kalahok upang pababain ang pagkalat ng maliliit na patak at mga aerosol.
- Kapag ang pagtuturo, pag-eensayo, pagtatanghal ng grupo ay nagaganap sa isang halo ng panloob at panlabas na mga kapaligiran, ang pananalang pagsusuri na hindi bababa linggo-linggo ay **mariing inirerekomenda** tulad ng inilarawan sa itaas para

sa mga panloob na kapaligiran, kung ang mga maskara, mala-kampanang pantakip at pagdistansya ay hindi ipinapatupad.

- Para sa mga aktibidad na lumilikha ng mas mapuwersang paglabas ng patak ng paghinga tulad ng pagkanta, ang pagdadagdag ng distansya sa pagitan ng mga indibidwal at ang paggawa sa mga aktibidad na ito sa labas ay mariing inirerekomenda. Ang nakagawiang pagsusuri ng lahat ng miyembro ng grupo ng lingguhan man lamang ay mariing inirerekomenda kung ang mga mang-aawit ay hinahasa ang boses nang walang mga maskara at walang inirerekomendang distansyang pisikal habang nasa mga panloob na lugar.
- Gumamit ng mga patapong sumisipsip na sapin [pad] o iba pang pansahod, saanman posible, para masambot ang mga nilalaman ng pangisip na balbula o paagusan ng tubig na pindutan, itapon o linisin nang wasto pagkatapos gamitin.

☐ Mga klase sa teatro

- Mariing inirerekomenda na ang mga mag-aaral at tagapagturo sa mga klase sa teatro ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras kapag nasa panloob na mga lugar. Inirerekomenda na magkaroon ng karagdagang distansyang pisikal kung ang mga kalahok ay nagsasalita (halimbawa, mga taong nasa workshop ng teatro).
- Ang nakagawiang pagsusuri nang lingguhan man lamang ay mariing inirerekomenda para sa lahat ng kalahok kung hindi gumagamit ng mga maskara at hindi napapanatili ang distansyang pisikal habang nagsasanay o nag-eensayo sa mga panloob na lugar.
- Isaalang-alang ang pagdaraos ng birtwal o panlabas na pag-eensayo at pagtatanghal sa halip na gawin sa loob. Ang pagsusuot ng mga maskara sa lahat ng oras sa mga panloob na aktibidad ay mariing inirerekomenda.

☐ Mga klase sa sayaw

- Mariing inirerekomenda na ng mga mag-aaral at tagapagturo ay magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa panloob na mga lugar, kung praktikal.
- Para sa mga aktibidad na lumilikha ng mas maraming maliliit na patak ng palahingahan tulad ng matinding pagbibinat, ang pagdadagdag ng distansya sa pagitan ng mga indibidwal at ang paglilimita sa nasabing mga aktibidad sa panlabas na espasyo ay mariing inirerekomenda.
- Ang nakagawiang pagsusuri nang lingguhan man lamang ay mariing inirerekomenda para sa lahat ng kalahok kung hindi gumagamit ng mga maskara at hindi napapanatili ang distansyang pisikal sa mga panloob na lugar na aktibidad.

☐ Pagrerekord ng Musika

- Ang pagkanta sa mga kubol ng pagtunog (sound booths)/mga kubol sa pagrerekord (recording booths) ay pinahihintulutan sa oras na ito at ang pagsusuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras ay mariing inirerekomenda. Ang pagdadagdag ng distansya sa pagitan ng mga kumakanta at ng iba sa kubol ay mariing inirerekomenda, lalo na kung ang bokalista ay hindi nagsusuot ng maskara, dahil sa sobrang dami ng mga maliliit na patak ng palahingahan na nailalabas sa maliit, kulob na espasyo sa loob.
- Ang pagtugtog ng mga hinihipang instrumento sa loob ng kubol ng pagtunog (sound booth) na may kasamang iba sa kubol ay pinahihintulutan. Sumangguni sa seksyon sa itaas sa mga klase sa musika para sa rekomendasyon sa kung paano papabutihin ang kaligtasan at makontrol ang panganib kapag tumutugtog ng instrumentong hinihipan.
- Ang iba pang grupong pang-instrumentong musika ay maaaring irekord gamit ang kubol ng pagtunog (sound booth); gayunpaman, ang pinakamababa na 3 talampakang distansyang pisikal ay mariing inirerekomenda na mapanatili sa pagitan ng lahat ng mga musikero sa lahat ng oras at ang mga maskara ay mariing inirerekomenda.
- Ang nakagawiang pagsusuri nang lingguhan man lamang ay mariing inirerekomenda para sa lahat ng miyembro ng grupo na nagsasalo ng kubol sa pagrerekord kung hindi suot ang mga maskara at hindi napapanatili ang distansyang pisikal.
- Bago ang kubol ay gamitin ng iba pang musikero o grupo ng mga musikero, ang kubol ay dapat na may mahusay na bentilasyon (isaalang-alang ang paggamit ng aparato sa paglilinis [purify] ng hangin) upang maitaguyod ang ganap na palitan ng hangin at ang pinagsasaluhang kagamitan (hal., mga mikropono) ay dapat na linisin.

☐ Mga Pagtatanghal

- Ang anumang mga pagtatanghal ay dapat na sumunod sa [Gabay sa Pinakamahusay na Kasanayan para sa mga mas Maliliit na Kaganapan](#) upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19, maliban kung ang iyong pagtatanghal o kaganapan ay isang Napakalaking Kaganapan [Mega Event] (tinukoy bilang mas marami sa 1,000 ang dumadalo sa panloob na lugar ng

pagdarausan o 10,000 ang dumadalo sa mga panlabas na lugar), at kung ganon kayo ay dapat sumunod sa [Gabay para sa Napakalalaking Kaganapan](#) (Mega Events).

- Para sa lahat ng mga pagtatanghal sa mga produksyon na itinataguyod ng paaralang TK-12, ang paggamit ng mga maskara sa mga panloob na espasyo sa lahat ng taong naroroon, sa parehong mga manonood at mga nagtatanghal, ay mariing inirerekomenda. Para sa mga pagtatanghal kung saan ang pagsusuot ng maskara ay hindi magagawa, lubos na inirerekomenda na ang lahat ng mga nagtatanghal at tauhan sa entablado (stage crew) na may malapit na pakikisalamuha sa mga nagtatanghal ay masuri nang lingguhan mang lamang, simula nang hindi hihigit sa 72 oras bago ang unang pagtitipon ng produksyon at magpatuloy hanggang sa katapusan ng iskedyul ng pagtatanghal.

D. MGA HAKBANG NA NAGBIBIGAY ALAM SA KOMUNIDAD NG KAMPUS AT SA PUBLIKO

- Ang impormasyon ay dapat na ipadala sa mga magulang at mag-aaral bago ang pagsisimula ng pasukan tungkol sa mga patakaran ng paaralan na nauugnay sa (itseks ang lahat na nalalapat):
 - Mga patakaran sa pagbubukod at pagkukulong (quarantine) na nalalapat sa mga mag-aaral na mayroong mga sintomas o maaaring nalantad sa COVID-19 _____
 - Mga pagpipilian para sa pagsusuri (testing) sa COVID-19 kung ang mag-aaral o miyembro ng pamilya ay may mga sintomas o nalantad sa COVID-19 _____
 - Sino ang dapat kontakin sa paaralan kung ang mag-aaral ay may mga sintomas o maaaring nalantad: _____
 - Paano magsagawa ng pagsusuri sa sintomas bago umalis ng bahay ang mag-aaral _____
 - **Mariing rekomendasyon** para sa pag-gamit ng mga maskara sa mukha sa **panloob na lugar** _____
 - Kahalagahan ng pagsunod ng mag-aaral sa distansyang pisikal at mga patakaran sa pagkontrol ng impeksyon na naisaayos na _____
 - Mga pagbabago sa akademiko at ekstrakurikular na pagpoprograma upang makaiwas sa panganib _____
 - Mga patakaran ng paaralan tungkol sa mga pagbisita ng magulang sa paaralan at sa ipinapayong pakikipag-ugnayan sa paaralan ng nasa malayo _____
 - Kahalagahan ng pagbibigay sa paaralan ng napapanahong pang-emerhensyang impormasyon ng kontak kabilang ang maramihang mga pagpipilian sa pakikipag-ugnayan sa magulang _____
 - Iba pa: _____
- Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan ng paaralan at inilagay sa isang nakaharap sa publiko na pahina na nasa website ng paaralan o distrito.
- Isaalang-alang ang pagpapaskil** sa buong paaralan na nagpapaalala sa mga kawani at mag-aaral sa mga patakaran tungkol sa **mariing rekomendasyon** ng paggamit ng mga maskara sa mukha sa **panloob na lugar**, at **ang** kahalagahan ng paghuhugas ng kamay.
- Ang karatula ay nakapaskil sa bawat pampublikong pasukan ng paaralan na nagbibigay-alam sa mga bisita na hindi sila dapat pumasok sa pasilidad kung may mga sintomas sila ng COVID-19.
- Ang paaralan ay gumawa at nagpalaganap ng plano sa komunikasyon sakaling kailanganin ang kumpleto o bahagyang pagsasara dahil sa maaaring kumpol ng mga kaso ng COVID-19.
- Ang mga online outlet ng paaralan (website, sosyal midya [social media], atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag, napapanahong impormasyon tungkol sa mga oras na bukas ang gusali, mga patakaran sa pagbisita, mga pagbabago sa akademiko at ekstrakurikular na pagpoprograma, at mga patakaran tungkol sa paggamit ng mga maskara sa mukha, distansyang pisikal at paghuhugas ng kamay.
- Ang mga online outlet ay nagtuturo sa mga mag-aaral, magulang at guro sa kung paano kontakin ang paaralan kung may kaso ng impeksyon o pagkakalantad.

E. MGA HAKBANG PARA MASIGURADO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang plano para sa pagbabago ng mga Plano sa Edukasyon ng mga Indibidwal (IEP) at 504 na mga plano ng mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan ay binuo na para masigurado na ang edukasyon ay makapagpapatuloy nang walang labis na panganib sa mag-aaral.
 - Ang planong ito ay kinabibilangan ng pamamaraan para sa maagap (proactive) na pagkontak ng paaralan sa mga magulang sa pagsisimula ng taon ng paaralan para masigurado na ang mga isyu kaugnay sa edukasyon at kaligtasan ng bata ay natutugunan.
 - Ang mga pagbabago sa indibidwal na Plano sa Edukasyon ng mga Indibidwal (IEP) at 504 na mga plano ay maaaring kabilangan ng malayuang pag-aaral, mga pagbabago sa silid-aralan para matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral, pagpasok sa paaralan na nasa isang hiwalay na lugar na may kakaunting mag-aaral, o isang halong pamamaraan na pinagsasama ang personal na pagkaklase at malayuang pag-aaral.
 - Ginawang mga hakbang para baguhin ang Plano sa Edukasyon ng mga Indibidwal (IEP) at 504 na mga plano para masiguro na ang kaligtasan ng mag-aaral ay sumusunod sa mga makabuluhang probisyon ng estado at batas pederal.
- Ang mga administratibong serbisyo o operasyon na maaaring ialok nang malayuan (hal., pagpaparehistro sa klase, pagsusumite ng form, atbp.) ay inilipat na sa on-line.

Anupamang karagdagang mga hakbang na hindi kasama sa itaas ay dapat na nakalista sa hiwalay na mga pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo: _____

Numero ng Telepono: _____

Petsa ng Huling Nirebisa: _____

BUOD NG MGA INIAATAS NA PAMAMARAAN NA NAKAPALOOB SA DOKUMENTONG ITO

- Ang paaralan ay dapat na magkaroon ng Plano sa Pagpigil, Pagtugon at Pagkontrol ng COVID-19 na naglalarawan ng komprehensibong pamamaraan ng paaralan para iwasan at pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa kampus.
- Isang plano o protokol para pasimulan ang [Plano sa Pamamahala ng Pagkakalantad sa Paaralan](#) na naaayon sa gabay ng DPH.
- Isang plano sa agarang pag-uulat ng kumpol ng mga kaso (3 o mas marami pang kaso sa loob ng 14 na araw) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
- Ang plano o protokol sa pagsasama ng pagsusuri sa COVID-19 sa mga regular na operasyon ng paaralan, na sa pinakamababa ay dapat na ilarawan ang estratehiya sa pagsisigurado ng akses sa pagsusuri sa mga mag-aaral o empleyado na may mga sintomas o may napag-alaman o pinaghihinalaang pagkakalantad sa indibidwal na nahawahan ng SARS-CoV-2.
- Ang plano ay dapat magbigay na ang lahat ng mga resulta ng pagsusuri ay iulat sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health).
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may sakit o kung sila ay nalantad sa taong may COVID-19.
- Ang mga amo ay inaatasan na mag-alok, para sa boluntaryong paggamit, ng lapat na kasyang medikal na maskara at respireytor nang walang gastos sa kanilang mga empleyado sa paaralan na nagtatrabaho sa mga panloob na lugar at nakikisalamuha sa iba.
- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado.
- Ang impormasyon ay dapat na maipadala sa mga magulang at mag-aaral bago ang simula ng pasukan na may kinalaman sa mga patakaran ng paaralan kaugnay sa pagpigil ng COVID-19.
- Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa paaralan at nakalagay sa nakaharap na publikong pahina sa website ng paaralan o distrito,
- Ang karatula ay nakapaskil na sa bawat pampublikong pasukan ng paaralan na nagpapaalala sa mga bisita na hindi sila dapat pumasok sa pasilidad kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19.
- Ang plano para sa pagbabago ng Plano Sa Edukasyon ng mga Indibidwal (IEPs) at 504 na mga Plano ng mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan ay nagawa na para siguraduhin na makapagpapatuloy ang edukasyon nang walang labis na panganib sa mag-aaral.
- Ayon sa utos ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado, ang lahat ng kawani ng paaralan ay inaatasan na magpakita ng patunay ng ganap na pagpapabakuna sa COVID-19 o masuri ng hindi bababa sa isang beses kada linggo.